Tuberculosis - Fact Sheet
Tuberkulosis - Isang Polyeto ng Mga Kaalaman

Ano ang Tuberkulosis?

Ang Tuberkulosis (TB) ay nakahahawang sakit na idinudulot ng baktirya ng TB na naihihinga sa mga baga ng tao. Ang mga baktiryang ito ay sumasama sa hangin kapag ang isang taong may aktibong tuberkulosis ay umuubo, bumabahin o nagsasalita.
Ang karaniwang paraan sa pagkahawa ng TB ay kung ang isang tao ay laging kasama ng isang taong may sakit na TB sa loob ng bahay. Ang baktirya ng TB ay hindi makukuha sa paggamit ng mga plato, baso o anumang bagay
.

Sino ang makakukuha ng TB?

Ang bilang ng mga taong nakakakuha ng TB ay masyadong mababa. Gayunpaman, mayroong mga partikular na mga grupo sa komunidad na may mataas na panganib sa pagkakaroon ng sakit na TB. Ang mga ito ay:

- Mga migrante at mga repyugi lalo na roon sa nagmula sa umuunlad na mga bansa.
- Mga taong aborihinal at mga taga-isla ng Torres Strait
- Mga propesyonal na nagtatrabaho sa kalusugan.
- Mga lasinggero
- Mga matatanda.
- Ang mga taong nasa institutusyon kasama na ang mga bilanggo.
- Mga taong namumuhay sa mababang antas ng kabuhayan lalo na sa mga siksikang kundisyon (ang TB ay karaniwan sa mga dahop na komunidad).
- Sa mga taong may impeksyon ng HIV at AIDS.
- Sa mga taong ang imyunidad ay napipigilan lalo na doon sa mga gumagamit ng steriod nang matagal na panahon.
- Mga may diabetis.

Paano Nakakaapekto ang TB sa Katawan ng Tao

Impeksyon ng TB

Ang baktirya ng TB ay naihihinga sa mga baga kung saan magsisimulang dumami ito.

Ang ilan ay maaaring maglakbay sa ibang bahagi ng katawan, tulad ng atay, mga buto at utak. Ngayon ay mayroon nang impeksyong TB ang tao. Lalaban ang katawan niya pero hindi nito karaniwang mapapatay ang lahat ng baktirya. Ang mga pangdepensa ng katawan ay magtatayo ng isang kapsula o pader sa paligid ng mikrobyo, na maaaring hindi maging aktibo at patuloy pa ring mabuti ang pakiramdam ng tao.
Ang taong may impiksyon ngTB ay mayroong baktiryang TB sa kanyang katawan, pero walang sintomas ng pagkakasakit at hindi maikakalat ang mikrobyo sa ibang tao.
Ang pagpapagamot sa bahaging ito ay makakapigil sa baktirya ng TB para magkaroon TB.

Sakit na TB

Kung ang baktirya ay maging aktibo at magsimulang magparami, ang tao ay meron nang sakit na TB o aktibong TB. Maaaring maganap ito makaraan ang isang taon o maramingtaon, karaniwa'y kung ang katawan ng tao ay manghina mula sa pagbaka ng mga impeksiyon at mga sakit, tulad ng HIV/AIDS, sakit sa bato, diyabetis, pulmunya o kanser.
Ang taong may sakit na TB ay mayroong mga baktirya ng TB at may sintomas ng sakit tulad ng pag-ubo, pagkapagod, pagpapawis sa gabi, pagbaba ng timbang at pag-ubo na may kasamang . Ang taong mayroon ng sakit na ito ay maaaring maikalat ang impeksiyon sa iba.

Simple lang ang Pagsusuri

Maipakikita ng isang pagsusuri sa balat (Mantoux Test) kung may mga baktirya sa loob ng inyong katawan. Ang isang di-nakapipinsalang sustansiya ay iiineksiyon sa ilalim ng balat ng braso ninyo at titingnan ng isang propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan ang balat pagkaraan ng dalawa o tatlong araw kung ito'y namamaga.
Mahalagang bumalik kayo para suriin ang inyong balat sa araw na pinayuhan kayong bumalik. Ibibigay sa inyo ang mga resulta ng pagsusuri at sasabihan kayo kung kailangan

ninyo ng dagdag na mga pagsusuri.

Sinu-sino ang Dapat na Suriin?

Ang mga taong:
- May impeksyong dulot ng HIV/AIDS;
- Naninirahan na kasama ang taong may TB;
- May mga sintomas ng TB.

Kung Ano ang Ibig Sabihin ng mga Resulta ng Pagsusuri

Negatibong Resulta

Ang isang negatibong resulta ay nangangahulugang maaaring wala kayong baktirya ng TB sa inyong katawan pero maaring kailangan ninyo ng isa pang pagsusuri sa balat para makasiguro. Kung meron kayong impeksiyong HIV o AIDS, maaaring gustuhin ng inyong doktor na magkaroon kayo ng iba pang mga pagsusuri, dahil hindi naman laging natutuklasan ng pagsusuri sa balat ang TB sa mga taong may HIV o AIDS.

Positibong Resulta

Ang positibong resulta ay maaaring nangangahulugang meron kayong impeksyon ng TB. Hindi ipinakikita nito na may sakit kayong TB o makahahawa kayo ng iba. Mga dagdag na pagsusuri ang kakailanganin dito. Ang isang pagsusuri ng inyong dibdib sa pamamagitan ng X-ray at iba pang mga pagsusuri ang makapagpapakita kung meron kayong sakit na TB at kung anong klaseng pagpapagamot ang kailangan ninyo.

Paggamot sa TB

Ang tipo ng pagpapagamout na kailangan ninyo ay depende kung meron kayong impeksiyon ng TB o sakit na TB.
Ang sakit na TB at ibang mga kaso ng impeksyo ng TB ay magaggamot ng mediksayon. Ang mga makabagong medisina ay totoong mabisa sa paggamot ng TB.
Ang paggamot sa nakararaming tao ay sa pamamagitan ng regular na pagpapatingin sa pagamutang pampubliko o sa ispesyalistang doktor. Maaaring gumaling ito sa loob ng anim na buwan nang pagpapagamot, gayunpaman, sa ibang kaso, puwede itong tumagal.
Kung ang gamot ay di iinumin ng regular, o hindi tatapusing lahat, maaaring bumalik ang TB at mas mahirap pagalingin.

Kaya't kailangan ang paggamot ay kailangan , lahat ng miyembro ng pamilya at malapit na mga tao'y ay kailangang eksaminin para malaman kung may TB sila.

Immunisayon para sa TB (BCG)

Ang rutinang (routine) BCG imunisasyon ay hindi rekomendado para sa pangkalahatang komunidad ng Australia na kung saan ang panganib sa pagkakahantad ng TB ay mababa. Ang rutina ng BCG imunisasyon ay para lamang sa itinakdang grupong may panganib ng TB.

Sa palagay ba niyo, may TB kayo?

Kung mayroon kayo ng mga sumusunod:

- Palaging may ubo.
- Pagkapagod.
- Pagpapawis sa gabi.
- Pag-ubong may kasamang dugo.

Magpatingin agad sa inyong doktor.

Iba pang mga katanungan?

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa TB, makipag-usap sa inyong GP.
Makukuha ang pagtulong sa wika sa pamamagitan ng Pagsasalin at Pagiinterpreteng Serbisyo (Translating & Interpreting Service (TIS), para sa may bayad sa lokal na tawag sa 131450.

Ang kaalamang polyeto para sa TB ay nasa mga sumusunod na komunidad na wika:

Arabic	Cambodian	Chinese	Croatian
Filipino	Macedonian	Portugese	Russian
Serbian	Somali	Vietnamese	

Mga Karagdagang Impormasyon kontakin ang:

Tuberculosis Program
Disease Control Section
Human Services
GPO Box 1670N
Melbourne 3001
Telepono: (03) 9637 4115

Human Services

People*first*

Inilathala ng Public Health Branch, Victorian Govemment Department of Human.
Disenyo at produksyon ng Human Services Promotion Ltd&CS Promotions Unit.
(108DE96)
February 1997. 96/0252